Towing Fees and Access Notice

Paunawa ng mga Bayad sa Paghahatak at Paggamit

San Francisco, California

SFMTA

Paunawa ng mga Bayad sa Paghahatak at Paggamit

Paalala: Ang sumusunod na impormasyon ay naglalayong magsilbi bilang pangkalahatang buod ng ilan sa mga batas na nagkakaloob sa mga may-ari ng sasakyan ng ilang mga karapatan kapag hinatak ang kanilang sasakyan. Hindi ito naglalayong magbuod ng lahat ng mga batas na maaaring umiiral o naglalayon man itong ganap at kumpletong ipahayag ang buong batas sa anumang nakalistang larangan. Mangyaring repasuhin ang angkop na kodigo ng California para sa tiyak na pahayag ng batas sa inyong partikular na sitwasyon.

Magkano ang maaaring singilin ng isang kompanya ng paghatak?

Ang mga halaga ng mga pampublikong paghatak at pag-imbak ay pangkalahatang itinatatag sa pamamagitan ng kasunduan sa pagitan ng ahensiyang nagpapatupad ng batas na humihiling ng paghatak at ng kompanya ng paghatak (upang makumpirma ang mga aprobadong halaga, maaari ninyong kontakin ang ahensiyang nagpapatupad ng batas na nagpasimuno sa paghatak; bilang dagdag, ang mga halagang ito ay inaatas na ipaskil sa pasilidad ng pag-imbak).

Ang mga halaga ng mga paghatak at pag-imbak ng pribadong ari-arian ay hindi maaaring lumampas sa mga aprobadong halaga para sa ahensiyang nagpapatupad ng batas na may pangunahing saklaw ng kapangyarihan para sa ari-arian kung saan inalis ang sasakyan o sa aprobadong halaga ng CHP ng kompanya ng paghatak.

Ang mga halaga ng mga paghatak at pag-imbak para sa kahilingan ng may-ari ay pangkalahatang itinatatag sa pamamagitan ng kasunduan sa isa't isa sa pagitan ng humihiling at kompanya ng paghatak, ngunit maaaring diktahan ayon sa mga kasunduang itinatag sa pagitan ng motor club ng humihiling at tagapagkaloob ng serbisyo ng motor club.

Saan kayo maaaring magreklamo tungkol sa kompanya ng paghatak?

Para sa pampublikong paghatak: Kontakin ang ahensiyang nagpapatupad ng batas na nagpapasimuno ng paghatak.

Ang inyong mga karapatan kung ang inyong sasakyan ay hinatak:

Sa pangkalahatan, bago pa sa pagbabayad ng anumang mga bayarin kaugnay sa paghahatak at pag-iimbak may karapatan kayong:

- Tumanggap ng invoice na nakatala nang hiwa-hiwalay ang aktuwal na mga singilin.
- Tumanggap ng inyong personal na ari-arian, nang walang bayad, habang nasa normal na mga oras ng trabaho.
- Bawiin ang inyong sasakyan sa unang 72 oras ng pag-imbak at hindi magbayad ng kapanagutan sa batas (lien fee).
- Tumanggap ng kopya ng Paunawa ng mga Bayad sa Paghahatak at Paggamit (Towing Fees and Access Notice).
- Magbayad sa pamamagitan ng cash o balidong credit card ng bangko.
- Siyasatin ang inyong sasakyan o hayaan ang inyong kompanya ng seguro na siyasatin ang inyong sasakyan sa pasilidad ng pag-imbak, nang walang bayad, habang nasa normal na mga oras ng trabaho.

Kayo ay may karapatang ipalabas sa inyo ang sasakyan sa pamamagitan ng (1) pagbabayad ng lahat ng mga bayaring kaugnay sa paghahatak at pag-iimbak, (2) pagpapakita ng balidong pagkakakilanlan na may litrato (photo identification), (3) pagpapakita ng mapagtitiwalaang dokumentasyon na nagpapamalas na kayo ang may-ari ng sasakyan o may awtorisasyon kayo mula sa may-ari para makuha ninyo ang sasakyan, at (4), kung angkop, pagpapakita ng anumang kinakailangang mga dokumento ng pagpapalabas mula sa pulisya o nagpapatupad ng batas.

Bago pa sa pagkumpuni ng inyong sasakyan:

- May karapatan kayong pumili ng pasilidad sa pagkumpuni at walang gagawing mga pagkumpuni sa inyong sasakyan maliban kung mabigyan ninyo sila nang nakasulat na awtorisasyon.
- Anumang awtorisasyong inyong nilalagdaan para sa paghahatak at anumang awtorisasyong inyong nilalagdaan para sa pagkumpuni ay dapat nasa hiwalay na mga pormularyo.

Paano kung hindi ko bayaran ang mga bayad kaugnay sa paghatak at pag-imbak o iwanan ang aking sasakyan sa kompanya ng paghatak?

Alinsunod sa mga Seksiyon 3068.1 hanggang 3074, inklusibo, ng Kodigo Sibil (Civil Code), ang kompanya ng paghatak ay maaaring ibenta ang inyong sasakyan at anumang perang matanggap ay gagamitin sa mga bayad na kaugnay sa paghatak at pag-imbak na natipon laban sa inyong sasakyan.

Kayo ay responsable para sa pagbabayad sa kompanya ng paghatak ng anumang hindi pa nababayarang balanse sa alinman sa mga bayaring ito kapag nakumpleto ang pagbebenta.

Sino ang may pananagutan kung mapinsala ang sasakyan habang nasa paghahatak o pag-iimbak?

Sa pangkalahatan ang may-ari ng sasakyan ay maaaring mabawi ang anumang pinsala sa sasakyan na nagreresulta mula sa anumang gawang sinadya o kapabayaan ng isang tao na naging sanhi ng pag-alis, o pag-aalis, sa sasakyan.

Anong mangyayari kung ang kompanya ng paghatak ay lumalabag sa batas?

Kung ang kompanya ng paghatak ay hindi kasiya-siyang matugunan ang ilang mga pangangailangang nakadetalye sa paunawang ito, maaari kayong magsampa ng asunto sa korte, na karaniwan sa korte para sa maliliit na pag-angkin. Ang humatak ay maaaring may pananagutang sibil para sa mga pinsalang hanggang sa doble ng halagang siningil, na hindi lumalampas ng $500, at posibleng mas higit pa para sa ilang mga paglabag.

SFMTA.com/ContestTow